# INAUGURAL ADDRESS
# OF QUEZON CITY MAYOR HERBERT M. BAUTISTA
## on his Second Term as Mayor of Quezon City
June 30, 2013, Quezon Memorial Circle

---

## QUEZON CITY: Higher, Bolder and Greater

Ang araw na ito ay sadyang itinakda ng ating Saligang Batas bilang araw ng pagpapasinaya at panimula ng isa pang bagong kabanata sa panig ng lahat ng mga halal na lingkod bayan. Sa dakong ito ng Quezon City, ang araw na ito ay hudyat din ng isang bagong yugto sa kaniyang makulay at makabagong kasaysayan.

Buong pagkukumbaba kong ipinagpapasalamat ang inyong pagbati, suporta at panalangin na patuloy ko pong mapanagumpayan ang tungkuling inyong iniatang sa aking balikat bilang inyong Punong Lungsod at Tagapaglingkod. Sa pamamagitan ng ating nagkakaisang pagkilos napatunayan natin hindi lamang sa ating mga sarili, kundi sa buong bansa, Sa QC, lahat panalo!

I count myself fortunate to have the support of private sector leaders and captains of industry who have actively partnered with us to undertake a lot of activities and programs that are geared towards the holistic development of Quezon City. My debt of gratitude go to Ms Lizzie Zobel, Atty Felipe L Gozun and Mr Gilberto B Duavit, Mr "Gabby" and Gina Lopez, Mr Manuel V Pangilinan, Mr Ramon del Rosario, Mr Hans and Herbert Sy, Mr Lance Gokongwei, Ambassador Eduardo M Cojuangco Jr and countless others who have immeasurably been part of the fabric that bind us as a people and as a community.

Ating pinasinayaan at itinalaga sa katungkulan, sa bisa ng nakaraang halalan ang dalawang bagong distritong batasan. Mula sa ikalawang distrito isinilang ang ika-limang distrito na kinakatawan ng Kagalang-

galang Alfredo Paolo Dumlao Vargas at ni Kagalang-galang Jose Christopher Yuvienco Belmonte ang unang Kinatawan ng Ika-anim na distrito. Alinsabay dito ay ang karagdagang labing dalawang mga kasapi ng ating Sangguniang Panlungsod.

Mula sa araw na ito, ating haharapin at isusulong ang mga gawaing nasimulan nating lahat para sa patuloy na kaunlaran ng Quezon City.

**PAGLAGO NG EKONOMIYA**

Sa loob ng kasalukuyang taon, aking ihahain sa hapag ng Sangguniang Panlungsod ang mga pagbabago ng ating mga batas at ordinansang layuning pag-isahin, linawin at gawing makabuluhan ang mga probisyon ng ating *Revenue Code*. Kung inaasahan natin ang pagpasok ng mga dayuhang mangangalakal at *investors* sa Quezon City, kailangang baguhin at gawing *competitive* ang antas ng ating pagbubuwis.

The city government shall make doing business with and in Quezon City more efficient. Studies have been made to streamline systems and processes to support, regulate and service potential business ventures in Quezon City. Transparency and consistency in the application of laws and policies are necessary cogs if we expect new businesses and fresh investments to pour into Quezon City. We shall also undertake a Quality Management System Audit in an effort to have business processes ISO-certified.

With the new Zoning, Investment Incentive, Tourism Development, including Industrial Peace policies now in place, Quezon City shall move head on with its marketing blitzkrieg to showcase our well-designed, well-planned investment and business climate. Not to mention that we have identified new tourism, business and investments hubs to evenly distribute growth, job generation and revenue opportunities throughout the city.

The competitiveness of Quezon City as a new business and investment hub will see a new dawning. In a series of overseas missions, our foreign counterparts are looking at this part of the country as their new investment destination – not only for business but for tourism, as well. These developments bodes well for Quezon City as it presents new opportunities for job generation and a veritable source of revenue and income.

Bago matapos ang taong ito, ilulunsad ng pamahalaang lungsod ang paggamit ng *Information Technology* sa larangan ng pagmamantini ng kaniyang datos upang higit na mapabilis ang mga transaksyon sa panig ng mga mangangalakal at negosyante sa lungsod at galing sa ibayong dagat. Kasama rito ang programang *Scaling Innovations in Mobile Money* sa tulong ng USAID kung saan ang Quezon City ang kauna-unahang lungsod na gagamit ng *electronic transmission* upang tumanggap ng pagbabayad ng mga bayarin sa buwis. Sa pamamagitan din ng *Geographic Information System*, naisaayos na natin ang ating datos na may kinalaman sa mga ari-arian nakapaloob sa ating lungsod. Inaasahan ko pong magiging higit na mas maayos na ang pagkalap ng pananalapi sa larangan ng amilyar.

**SOCIAL INCLUSION**

Ang patuloy na pag-unlad ng Quezon City ay kaunlaran ng lahat.
Sa panimula ng kampanya ating sinabi, "Sa QC, Lahat Panalo!" Hindi natin pahihintulutang ang mayaman ay patuloy na yumaman at ang mahirap ay patuloy na manatiling mahirap.

Hindi rin natin papahintulutang gamitin ang kahirapan bilang dahilan upang ang mahirap ay manatiling mahirap. Kung kaya't ating hinihikayat ang lahat na patuloy na magsikhay at pagbutihin ang kaniyang pagpupunyagi upang iaangat ang antas ng kaniyang kabuhayan. Ang pamahalaan ang magsisilbing tulay sa ating mamamayan upang matulungan silang magkaroon ng pagkakataong

makapaghanapbuhay ng marangal at makahanap ng matatag na trabaho batay sa kaniyang kaalaman, angking talino at galing.

Ang reporma sa sektor ng edukasyon ay ating gagamitin upang bigyan ang ating kabataan ng pagkakataong makapaghanapbuhay ng hindi kinakailangang makatuntong ng kolehiyo o unibersidad. Sisiguraduhin natin ang kanilang dagliang kahandaan sa empleyo at trabaho.

Pagdating ng panahon na kailangan na nating ipatupad ang *Senior High School* sa ilalim ng programang **K – 12** ng Kagawaran ng Edukasyon, ating ipapatupad ang sistemang naglalayong alamin sa maagang panahon ang interes ng isang mag-aaral at ating itutuon ito sa industriyang nangangailangan ng kaniyang talino at galing. Sa ganitong pamamaraan ay maiiwasan natin ang pagtuturo ng mga kursong walang pakinabang pagdating ng panahon o di kaya'y mga kursong mayroon ng *oversupply* at alam nating wala ng kahihinatnan pagkaraan ng ilang taon.

Ang ating mga programa at giya ay dapat nakatuon sa patuloy pag-unlad ng ating likas yamang tao na siyang magpapaikot sa gulong ng ating mga negosyo at industriya. Mas magandang tignan kung ang ating mga mamamayan ay ating tinatawag na micro-entreprenor, na may pag-asang umunlad at lumago, kesa sa makita siyang patuloy na namamasukan bilang empleyado o kawani.

**CITY RESILIENCY**

Kamakailan lang ay pumailanlang sa ating mga pahayagan at sa media ang kautusan ng Pangulo na isaayos sa lalong madaling panahon ang seguridad sa pabahay ng mga mamamayang patuloy na nakatira sa tabing ilog, sa ilalim ng tulay at sa mga *danger zones*.

Ang Quezon City ang kauna-unahang lungsod na nagsumite ng kaniyang programang pabahay sa pambansang pamahalaan. Sa iba't ibang sulok

ng ating lungsod ay mayroon pa rin tayong mga *Informal Settlements* na ating bibigyang pansin. Sa pakikipagtulungan ng mga ahensiya ng pambansang pamahalaan nais kong makitang mailikas, mailipat o di kaya'y mabigyan ng alternatibong pabahay ang may tinatayang dalawang libong pamilyang nakatira sa baybayin ng ilog, sapa o mga daluyang tubig.

Hindi pa kasama rito ang iba pang mga pamilyang patuloy na naninirahan sa mga deklaradong *danger zones, transmission lines,* pangunahing lansangan at mga pagawaing bayan.

Kasama rin dito ang usapin ng pagsasaayos ng mga balakid sa patuloy na pagpapaunlad ng ating *Central Business District*.

Ang Quezon City ang pangunahing lungsod na ginamit ang *Disaster Risk Reduction and Mitigation* at ang pangangalaga ng kalikasan bilang batayang balangkas upang maisaayos at isulong ang usaping ng relokasyon, pabahay at pagpapaunlad ng ating mga pamayanan. Ito ang nagsilbing *framework* tungo sa malawakang programang pabahay. Sa tulong ng pribadong sector, ang ating mga programang pabahay ay patuloy nating isusulong.

Muli ko pong uulitin – ang pamahalaang lungsod ay hindi mangingiming ipatupad ang buong pwersa at bisa ng batas sa sino mang magkakalinga sa mga sindikato at mga *professional squatters*.

Ang kahirapan ng isang tao o pamilya ay hindi dapat gamiting sangkalan para sa ikararangya ng sino man! Ang obligasyong ipatupad ang batas ay hindi tungkulin ng iisang tao lamang. Ang tungkuling ipatupad at siguruhing ang batas ay ipinatututpad at sinusunod ay obligasyon nating lahat – mula sa akin hanggang sa pinakahuling kagawad ng Barangay!

## LUNGSOD NG PANGARAP

Quezon City is touted to be the country's premiere city where dreams and aspirations come true. We are a city that is filled with promise and vast potentials – it is every Chief Executive's dream to be able to replicate this in their own jurisdiction. The amount of pressure that the position exerts on a servant leader is beyond words and comprehension.

No doubt, we all dream of a city that we can proudly call home. The liveability of Quezon City is hinged on the distinction that we are the remaining bastion of blues and greens of the region.

Tanging ang Quezon City lamang ang lungsod na may pinakamayabong na mga punong kahoy, halaman, sariwang hangin, malalawak na liwasan at lansangan. Ang Quezon City ay patuloy na nagsisikap na hanapan ng alternatibong paraan upang ang kanlyang tone-toneladang basura ay gawing enerhiya nang sa gayon ay mabawasan ang ating konsumo at bayarin sa serbisyo ng kuryente at pagpapailaw ng ating mga lansangan.

Sa loob ng taong ito, makikita ninyong lahat ang pagbabago sa teknolohiyang ating gagamitin sa pagpapailaw ng ating mga pangunahing lansangan. Sa tulong ng *Road Board*, papalitan natin ang ating mga pailaw sa lansangan at gagamit na tayo ng *Light Emitting Diodes* o LED. Layunin ng programang ito na mapababa rin ang ating konsumo sa elektrisidad at palawigin ang buhay ng ating mga streetlights.

Inutos ko na ang masusing pag-aaral na gamitin ang iba't iba pang alternatibong pagkukunan ng enerhiya at kung paano ito magagamit upang mapababa ang ating gugulin. Kasama dito ang paggamit ng *solar panels, solar windows* at *solar farms* para sa mga gusali ng ating pamahalaan.

Ang pagpapatupad ng tatlong metrong easement sa pampang ng ating mga ilog at sapa ay paraan upang mailayo natin ang ating mga residente sa tiyak na kapahamakan sa tuwing tumataas ang daloy ng tubig at pagbaha. Sa pamamagitan nito'y ipapatupad na natin ang programang magtatatag ng mga *linear parks* sa pampang ng mga ilog at sapa. Sa mga bakanteng loteng iniwan na nakatiwangwang ay hihikayatin natin ang pagtatayo ng mga *pocket parks* – nang sa gayon ang ating lungsod ay magkaroon ng pagkakataong makahinga at makasagap ng sariwang hangin.

Ang pananatili ng mga parke at liwasang ito ay ating sama samang babalikatin. Kasama ang mga retiradong mga mamamayan, ang ating mga nakatatanda at mga lider ng ating mga pamayanan.

Ang paglalagom ng lahat ng mga ito at iba pang mga kaalamang kaugnay sa pamamahala ng Quezon City ay ating binahagi rin sa ating mga kabalikat sa barangay sa pamamagitan ng ating *Harnessing Barangay Development Course*. Ito ay sa pakikipatulungan ng Unibersidad ng Pilipinas, ng Miriam College at ng Dalubhasaan ng Tanggulang Pambansa.

Nagpapasalamat ako sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya sa kanilang pagtanggap sa aking panukalang magtayo ng *mono-rail system* na magdurugtong sa Quezon City at sa Lalawigan ng Rizal. Sa pamamagitan ng *rail system* mapapabilis ang biyahe ng mga *relocatees* mula sa kanilang kasalukuyang tahanan patungo sa kanilang paaralan at trabaho. Ito ang ating tugon sa agam-agam ng lahat ukol sa *displacement* bunsod ng ating programang relokasyon.

## CONCLUSION

Quezon City is faced with a galaxy of potentials for her sustained progress and development. Quezon City has taken the lead in proposing out of the box and oftentimes unorthodox solutions by metropolitan standards.

Our socialized and mass housing programs would not have been possible without the support of the Housing and Urban Development Coordinating Council, the National Housing Authority, the Socialized Housing and Finance Corporation, the National Home Mortgage and Finance Corporation, and other housing-relating agencies.

I urge our representatives to Congress to empower Quezon City – a Special City, with a franchise to manage and operate its own local corporation, the Housing and Urban Renewal Authority. Over the years, the HURA has undertaken projects that seek to address the dearth of accessible and affordable human settlements. We want to invest our financial resources on our residents who also have a stake on the future and growth of our city.

We claim our destiny as Metropolitan Quezon City. Metro Quezon City shall dictate the pace by which her neighboring LGUs shall equitably grow and prosper. The Cities of Caloocan, Valenzuela, Malabon and Navotas, even the Provinces of Bulacan and Rizal are our equal partners in addressing the growing developmental requirements of our city. From Waste to Energy, to Mass Transportation, even urban and spatial planning – we all share the same conditions and considerations. From there we shall bring the Philippines to the height of her distinction.

Where Quezon City goes, the Philippines shall follow!